

SERYE PARA SA KAAYUSAN NG KLIMA



Mga Epekto ng Air Pollution sa Mental Health at Kagalingan ng Komunidad



Likhang Sining ni Giovana Medeiros

Ang patuloy na paggmit ng mga fossil fuel ay naglalabas ng mga nakakalasong pollutant at particulate matter, katulad ng mga sulfur dioxide, nitrogen oxide, carbon monoxide, methane, heavy metals at ground-level ozone.



Habang patuloy na kumakalat ang mga pollutant at kemikal, ang mga ito ay nagiging puro sa hangin na nalalanghap ng mga tao.



Ang pagbaba ng kalidad ng hangin ay maaaring maging sanhi ng hika, ischemic heart disease, stroke, malubhang impeksyon sa mababang respiratoryo, kanser sa baga, chronic obstructive pulmonary disease, depresyon, at maging ang maagang pagkamatay.

Polusyon sa hangin at sariling kapakanan

Ang polusyon sa hangin ay kadalasang nauugnay sa isyu ng environmental racism. Dala ng patuloy na kolonyalismo at neoliberalismo ay ang paglipat ng mga pangindustriyang produksyon at pagkuha ng mga tanging yaman sa mga mas mahirap na bansa at rehiyon. Ang mga ito ang pinagmulan ng tumataas na pang-rehiyong lebel ng polusyon sa hangin.

Natuklasan sa 2020 na pananaliksik na tinatayang mayroong 8.7 milyong kataong maagang namatay noong 2018 bilang resulta ng pagkakalantad sa air pollution at sa pagsunog ng mga petrolyo.

Ito rin ay maiuugnay sa pagtaas ng kaso ng mental health, kabilang na ang mga karanasan ng pagkabalisa, pag-aalala, pagkabahala at depresyon tungkol sa epekto sa kalusugan ng tao.

Tanda sa Saliksik:

Tinataya ng Pamahalaan ng Canada na mayroong 15,300 kataong maagang namamatay kada taon sa Canada dahil sa air pollution na galing sa particulate matter, nitrogen dioxide at ozone.

Ang kabuuang pang-ekonomiyang pagtataya ng mga epekto sa kalusugan ng air pollution sa Canada ay umaabot sa \$114 bilyon bawat taon.

Habang nahaharap ang mga komunidad sa lumalalang air pollution at sa epekto ng mga petrolyo, mga wildfire, mga 'mold spores' na mula sa pagbaha at pagtaas ng antas ng alikabok o pollen, mayroong lumalaking pangangailangan para mapagaan at mabawasan ang epekto ng air pollution.

Narito ang ilang maaaring estratehiya upang matugunan at mapangasiwaan ang mga epekto ng air pollution sa indibidwal at pangkomunidad na antas, gayundin sa panandalian at pangmatagalang panahon.



Panandaliang mga Aksyon



Ang pagbabahagi ng kaalaman at mga estratehiya upang maging matatag ay maaaring magbigay lakas at maghanda sa komunidad para sa mga pangkalusugang peligro at epekto ng air pollution.

- Magpalaganap ng pumublikong kaalaman tungkol sa pisikal at mental na epekto ng air pollution, gayundin kung paano matukoy ang lokal na Air Quality Index (AQI).
- Iwasan ang paglalakad, pag-eehersisyo o pagtatrabaho sa labas sa mga panahon na mataas ang banta ng air pollution.
- Magsuot ng takip sa mukha habang nasa labas upang hindi makalanghap ng mga pollutant.
- Bawasan ang exposure sa polusyon sa pamamagitan ng pagtatrabaho o pag-aaral sa loob ng bahay o “telecommuting”.
- Gamitin ang mga inklusibong lugar sa komunidad na mayroong ‘purified air’ upang makihalubilo o magtatrabaho.

Medium Term na mg Aksyon

- Isulong at mag-invest sa mga lugar at makina na nagbibigay ng malinis na hangin upang mabawasan ang epekto ng polusyon sa kalusugan at upang suportahan ang kapakanan ng bawat tao sa komunidad.
- Itaguyod ang pagkakaroon ng angkop na espasyo sa komunidad para sa mga halaman at puno upang matupok ng mga ito ang mga mapaminsalang emisyon.
- Isulong ang mga batas na nanghihiikayat ng paggamit ng kuryente sa halip na petrolyo.



Pangmatagalang Aksyon



- Ihinto ang paggamit ng petrolyo at mag-invest sa mga makabagong enerhiya para sa buong komunidad.
- Magkabit sa mga gusali ng mga maliit at malaking makina na gumagamit ng mapagabong enerhiya.
- Bigyang prayoridad ang mga abot-kaya, likas-kaya at accessible na pampublikong transportasyon upang mabawasan ang lokal na emisyon ng GHG.
- Maghalal ng mga pampulitikang pinuno na mapananagutan ang kanilang mga layunin at mayroong solusyon sa sitwasyon ng klima.



Mga sanggunian

- Community Resilience & Wellbeing Amid Climate Crisis, by Meghan Wise <https://sustain.ubc.ca/about/resources/community-resilience-wellbeing-amid-climate-crisis>
- Air Pollution, WHO: https://www.who.int/health-topics/air-pollution#tab=tab_1
- *Air pollution from fossil fuels caused 8.7 million premature deaths in 2018, study finds*, Yale Climate Connection: <https://yaleclimateconnections.org/2021/04/air-pollution-from-fossil-fuels-caused-8-7-million-premature-deaths-in-2018-study-finds/>
- An association between air pollution and daily most frequently visits of eighteen outpatient diseases in an industrial city, Nature: <https://www.nature.com/articles/s41598-020-58721-0>
- Health Impacts of Air Pollution in Canada: http://publications.gc.ca/collections/collection_2019/sc-hc/H144-51-2019-eng.pdf